

PAGPA-FILE NG INCOME TAX RETURN

確定申告とは

Ang kabuuang buwis mula sa ating kinita sa loob ng isang taon, mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ay kailangan nating i-file sa ating local tax office.

Kinakalkula ng inyong employer tuwing Disyembre ang inyong taunang kinita. Ginagawan nila ito ng mga paraan sakali mang kailangan ang mga adjustments na tinatawag na year-end adjustments o NENMATSU CHOUSEI. Kailangang bayaran ng taxpayer kung may mga pagkukulang at kung may sobra naman ay maaaring i-refund ito. Para naman sa mga hindi nakakuha ng kanilang year-end adjustments, kailangan ninyong mag-submit ng final tax return sa local tax office.

- ◇ Ang mga kumita sa loob ng isang taon na mahigit sa 20 milyon yen
- ◇ Ang mga mayroong retirement income at iba pa

Kahit na mayroon year-end adjustment na nagawa, kailangan pa ring mag-file ng income tax return ang mga sumusunod:

- ◇ Ang mga nag-retired sa trabaho sa kalagitnaan ng taon na sobra ang withheld tax.
- ◇ Ang mga bumili ng bahay na may mortgage.
- ◇ Ang mga nagbayad ng medical expenses na sobra sa ¥100,000.
- ◇ Matapos ang year-end adjustments ay nagpakasal o nanganak at marami pang iba.

May mga pagkakataon na kung maliit lang naman ang mga dapat I-refund ay hindi na ito kinukuha ng iba. Subalit kung pagtitiyagaan pa rin natin ang pagpa-file ay maaaring makatulong pa rin ito na mabawasan ang ating residence tax. Maaari rin itong makatulong upang mapamura ang mga bayarin tulad sa kabayaran ng Health Insurance at Child Care.

Ang pagpapayo at pagpa-file ng income tax para sa mga kinita sa taong 2010:

Panahon: Pebrero 16 (Miyerkules) hanggang Marso 15 (Martes) 9:00~17:00

Lugar: Granship 1F Hall (79-4 Ikeda, Suruga District, Shizuoka City)

Impormasyon: Shizuoka Tax Office, 054-252-8111